90

## ABSTRAK

Pamagat: Personality Self-Portrait ng mga Piling Kabataang Lalaki ng Manila Youth Reception Center: Relasyon sa Kanilang Pagiging Dilingkuwente.

Mga Mananaliksik: Leah F. Aratan

Joanne T. de Torres

Donna Hazel T. Malimban

Salvacion G. de Sagun

Pangalan ng Institusyon: Pamantasang De La Salle -Dasmarinas

Lokasyon: Dasmarinas, Cavite

Pinagkunan ng Pondo: Magulang Pondo: P 15,000

Nagsimula : Hunyo,1998 Natapos: Enero, 1999

Layunin ng Pag-aaral:

Nilalayon ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-ano ang personality self-portrait ng mga kabataan sa MYRC?

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University - Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

2. Anong personality self-portrait ang pinakakaraniwan sa mga kabataang dilingkuwente ng MYRC?
3. Ano ang relasyon ng kanilang personality self-portrait sa kanilang pagiging dilingkuwente?

## SAKLAW AT DELIMITASYON

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ng mga mananaliksik upang malaman ang personality self-portrait ng mga piling kabataan at ang relasyon nito sa kanilang pagiging dilingkuwente. Ang napiling institusyon ng mga mananaliksik ay ang Manila Youth Reception Center (MYRC) na matatagpuan sa Arroceros Maynila, sa kadahilanang ito ang pinakamalapit na institusyong pandilingkuwente na maaari nilang mapuntahan mula sa lugar na kanilang pinanggalingan. Ang napiling kalahok ng mga mananaliksik ay pawang mga kabataang lalaki na may edad 11 hanggang 18.

Limampung pursiyento lamang ng total na bilang ng mga kalalakihang batang dilingkuwente ang nakuha bilang mga

kalahok sapagkat limitado ang pagbibigay ng naturang institusyon sa bilang ng mga kasapi dahil marami rin silang mga gawain sa institusyon. Isa pang dahilan ay hindi lamang isang grupo ng mananaliksik ang nagpupunta doon upang magsagawa ng pag-aaral kaya hinahati nila sa bawat grupo ang bilang ng mga kalahok. Hindi rin madali ang paghahati sa bilang ng mga kalahok sa kadahilanang ang mga ito ay nahahati sa iba't ibang departamento.

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay isang deskriptibong pagsusuri sa personality self-portrait ng mga kabataang dilingkuwente. Ito ay ginamitan ng mga mananaliksik ng Survey Method na matatagpuan lamang sa interpretasyon ng kanilang mga kasagutan sa personality self-portrait test. Ang test na ito ay mayroong 104 na katanungan. Kinapapalooban ito ng 13 magkakaibang deskripsiyon ng istilo ng personalidad. Makikita rin dito kung paano sila nag-iisip, nakadarama at umasal na nagpapakita ng kanilang buong pagkatao.

Pumili ang mga mananaliksik ng institusyong pagkukunan ng kalahok sa lungsod ng Maynila t ng Quezon. Napili ang Manila Youth Reception Center para sa makakasama sa pag-aaral na ito. Mayroong apatnapu't-tatlong kalahok ang napabilang at ang mga ito ay hinati sa dalawang grupo.

Bago inumpisahan ang test, nagpakilala muna ang mga mananaliksik bilang mga "ate," upang maiwasan ang pagiging mahiyaan ng mga kalahok. Sumunod ay ang pamamahagi ng papel at lapis na gagamitin sa pagsagot. Pagkatapos nito ay ibinigay na ang instruksiyon kung paano sasagutin ang mga katanungan. Ito ay binasa ng isa-isa sa mga kalahok sa dahilang hindi lahat ay may kakayahang bumasa.

Ginamit ng mga mananaliksik ang non-probability sampling method. Isa dito ay ang convenient sampling method sa dahilang hindi tiyak kung sinu-sino pa ang mananatili sa loob hanggang sa takdang araw ng pag-aaral.

Nagamit din ang purposive sampling method dahil sa mga sumusunod: (1) ang mga kinuhang kalahok ay pawang

mga lalaki lamang; (2) ang mga kalahok ay may mga edad na 11 hanggang 18 taong gulang lamang; (3) ang mga kalahok ay pawang mga taga MYRC lamang.

Ang ginamit na statistical tool ay frequency counting upang makuha ang pursiyento ng mga kabataang dilingkuwente batay sa kanilang personality self-portrait.

KONKLUSYON

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa mga resultang nakalap ng mga mananaliksik batay sa mga katanungang naiprisinta sa mga naunang bahagi ng pag-aaral na ito.

Batay sa pag-aaral na isinagawa ng mga mananaliksik, ang Personality self-portrait ng mga kabataang dilingkuwente ay hindi pare-pareho. Ito ay depende pa rin sa mga nararanasan nila sa buhay (kaibigan, magulang, pangyayari sa buhay, at kultura). Napatunayan din na ang mga dilingkuwente ay hindi nagtataglay ng Adventurous personality style tulad ng inakala ng mga mananaliksik. Ito ay nangangahulugan na hindi ibig sabihin na kapag sila ay may Anti-social na akto o kaya'y isang

Aklatang Emilio Aguinaldo - Information Resource Center De La Salle University Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite Philippines

dilingkuwente, ay nagtataglay na sila ng Adventurous personality style.

Karamihan sa mga kalahok ay nagtataglay ng Dramatic personality style. Bagaman hindi pa rin masasabing ito ang natatanging personality self-portrait na naaayon sa kanilang lahat dahilan sa napakababang pursiyento nito na 26% lamang.

Batay pa rin sa resultang nakalap, ang mga bata, kapag hindi nagabayan at napalaki ng tama, ay maaaring magresulta sa pagkakaroon ng personality self-portrait na maaaring maghantong sa dilingkuwensiya.

Bagaman ang ilang datos na nabanggit ay posibleng nangyayari sa mga kabataan, hindi pa rin masasabing ang kinalalabasan ng pag-aaral na ito ay maaaring maging pangunahing batayan upang matukoy ang personalidad ng bawat kabataang dilingkuwente. Ang mga resultang nadiskubre ay pawang dumepende lamang sa mga kalahok na naiprisinta.

REKOMENDASYON

Ang mga sumusunod ay pawang mga rekomendasyon ng mga mananaliksik sa mga tao na maaaring magkaroon ng kinalaman o tunay na may kinalaman sa mga kalahok ng nasabing pag-aaral na ito.

Para sa mga magulang at magiging magulang pa lamang, nais ipabatid ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng maingat at mahusay na pag-aaruga sa kanilang mga anak upang hindi humantong ang mga ito sa pagiging dilingkuwente.

Nais imungkahi ng mga mananaliksik na bigyan ng sapat na atensyon ng gobyerno ang mga kabataang dilingkuwente at alamin nila ang pangunahing dahilan kung bakit sila nagkakaganito upang maiwasan ang lumalaking bilang ng mga ito.

Inirerekomenda rin ng mga mananaliksik na ipabatid sa mga tao na ang mga kabataang dilingkuwente ay bahagi pa rin ng lipunan, na hindi dapat katakutan, laitin o iwasan. Kailangang malaman din ng mga tao na hindi lamang puro

negatibong pag-uugali o personalidad mayroon ang mga dilingkuwente kundi mayroon din namang mga positibong makikita na kung saan ay siyang napag-aralan ng mga mananaliksik.

Inirerekomenda ng mga mananaliksik ang pagpapatuloy ng pag-aaral sa paksang ito upang lalong magkaroon ng mas malawak na kaalaman tungkol sa mga kabataang dilingkuwente. Iminumungkahi rin ang pag-aaral sa mas malaking bilang ng mga kalahok.